

Pag-aaral sa Halaga ng Kalidad ng California

Mga Madalas Itanong na Katanungan

PANGKALAHATANG MGA TANONG

Ano ang Pag-aaral sa Halaga ng Kalidad ng California?

Ang layunin ng pag - aaral ng Halaga ng Kalidad sa California ay upang makatulong na ipaalam kung paano pagtitibayin ang mga rate ng pag-reimburse sa hinaharap sa loob ng estado. Ang mga resulta mula sa pag - aaral na ito ay ibabahagi sa California [Rate Reform and Quality Workgroup](#) pati na rin sa Child Care Providers United (CCPU) Joint Labor Management Committee. Ang isang pangunahing bahagi ng proyektong ito ay nagsasangkot ng pagkolekta ng impormasyon mula sa lahat ng mga uri ng mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata sa buong California (kabilang ang mga sentro ng pangangalaga sa bata, mga tahanan ng pangangalaga sa bata ng pamilya, mga tribal na programa, at pamilya, kaibigan, at kapitbahay na mga provider na hindi kailangan ng lisensya) upang magbigay impormasyon sa mga desisyon tungkol sa pamamaraan na gagamitin ng estado upang magtakda ng mga rate ng pag-reimburse sa hinaharap. Ang pag-aaral ay makakabuo ng isang tool ng modelo ng halaga na ibabatay sa [totoong halaga](#) ng pagbibigay ng kalidad na pangangalaga sa mga bata, sa halip na sa presyo na maaaring maibayad ng mga pamilya.

Ano ang isang modelo ng halaga at bakit ito mahalaga?

Ang pagtukoy sa totoong halaga ng pagbibigay ng programa para sa mga maliliit na bata at pamilya ay kritikal sa pagtugon sa kakulangan ng pondo ng sistema pati na rin ang pagtugon sa mga pangangailangan sa kapasidad ng kasalukuyan at potensyal na mga programa sa pangangalaga ng bata. Sa larangan ng maagang pangangalaga at edukasyon, natukoy ang mga halaga ng pampublikong pagpopondo batay sa presyo ng pag-aalaga ng bata sa merkado, na kung saan ay nalilimitahan ng kung ano ang kayang bayaran ng mga pamilya. Ang resulta ay isang hindi pantay na sistema, kung saan ang mga provider na nagpapatakbo sa mga kapitbahayan na may mas mataas na kita ay maaaring magtakda ng mga rate ng matrikula na mas malapit sa aktwal na halaga ng programa, na kung saan ay bumubuo ng mas mataas na rate ng pag-reimburse ng subsidiya, habang ang mga nasa mga komunidad na may mababang kita ay kailangang magtakda ng mas mababang mga rate ng matrikula upang maging abot kaya sa kanilang komunidad, na nagreresulta sa mas mababang rate ng pag-reimburse ng subsidiya. Ang pamamaraang ito ay gumaganap din bilang isang limitasyon para sa mga programa na naglilingkod sa mga bata kung saan ang agwat ay pinakamalaki sa pagitan ng kung ano ang halaga upang magbigay ng pag-aalaga at ang halaga na kayang bayaran ng mga pamilya.

ANO ANG PAG-AARAL SA HALAGA NG KALIDAD NG CALIFORNIA?

Sino ang namumuno sa pag-aaral na ito?

Ang pagpapaunlad ng modelo ng halaga ay pinangungunahan ng [Prenatal to 5 Fiscal Strategies](#) (P5 Fiscal Strategies), isang pambansang lider sa pananalapi, polisiya, at pananaliksik sa pangangalaga ng bata. Ang Agile Visual Analytics Lab (Aval) sa UCLA Luskin School of Public Affairs ay bahagi rin ng pangkat ng pag-aaral, na nagbibigay ng suporta sa pagsusuri ng impormasyon.

Sino ang nagpopondo sa pag - aaral na ito?

Ang P5 Fiscal Strategies ay pinopondohan ng mga pribadong pundasyon upang isagawa ang gawaing ito, kabilang ang Heising - Simons Foundation at Pritzker Children 's Initiative.

Bakit dapat lumahok sa pag-aaral ang mga tagapagbigay ng pangangalaga sa mga bata?

Upang maging matagumpay ang pag-aaral na ito, kinakailangan ang impormasyon mula sa lahat ng mga uri ng mga provider mula sa bawat rehiyon ng estado. Sa pamamagitan ng paglahok sa pag-aaral at kumpidensiyal na pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa iyong programa, ang mga provider ay tutulong na bigyang impormasyon ang desisyon ng California tungkol sa isang hinaharap na rate ng pag-reimburse na pamamaraan na batay sa aktwal na mga halaga kaysa sa limitadong halaga na kayang bayaran ng mga pamilya (hal., ang "merkado"). Napakahalaga na makuha ng pag-aaral na ito ang impormasyon mula sa mga aktwal na nangangalaga sa mga bata upang matiyak na maunawaan ng mga mambabatas kung ano talaga ang mga halaga sa pagbibigay ng mataas na kalidad na pangangalaga sa bata at kung gaano kalayo napupunta ang mga mapagkukunan patungo sa pagbayad sa halaga na iyon (o sa hindi pagbayad sa halaga na iyon).

Anong impormasyon ang hihilingin na ibahagi ng mga tagapagbigay ng pangangalaga sa mga bata?

Hihilingin sa mga provider na kumpidensiyal na magbahagi ng impormasyon tungkol sa *tipikal* na mga gastusin ng kanilang programa (madalas ay bayad sa mga tauhan tulad ng mga kawani, sahod, at mga benepisyos) pati na rin ang *pinakamainam* na mga gastusin ng kanilang mga programa kung sila ay may sapat na pondo upang mabayaran ang lahat ng mga gastos na may kaugnayan sa pagbibigay ng pinakamataas na kalidad ng pag-aalaga. Ang mga miyembro lamang ng pangkat ng pag-aaral ng P5 Fiscal Strategies ang magkakaroon ng akses sa detalyadong impormasyon na ibabahagi ng mga provider, at nangangako ang pangkat na titiyakin na ang lahat ng impormasyon na nakolekta mula sa mga provider ay pananatilihin kumpidensiyal at ligtas. Ang impormasyon lamang na pinagsama sa lahat ng mga provider, at tinanggal ang lahat ng impormasyon na personal na nakakatukoy, ang ibabahagi sa ibang tao sa labas ng pangkat ng pag-aaral.

Paano at kailan kokolektahin ang mungkahi at impormasyon?

Ang mungkahi at impormasyon para sa pag-aaral na ito ay kokolektahin sa pamamagitan ng isang survey sa buong estado, mga focus group at harapang panayam. Ang survey ay magtatanong ng impormasyon sa gastos at badyet tungkol sa mga gastos sa pagpapatakbo ng iyong programa sa pangangalaga ng bata at ito ay dinisenyo na kumpletuhin ng mga direktor ng programa, mga may-ari, o mga pampinansyal na tagapamahala, na may isang survey sa bawat site (kung ikaw ay nagpapatakbo ng maraming mga site, hihilingin namin sa iyo na magkumpleto ng isang hiwalay na survey para sa bawat site). Hihilingin sa iyo na ibahagi ang impormasyon sa gastos at kita mula sa nakaraang piskal na taon, tulad ng average na sahod ng mga kawani o bayad bawat oras. Upang maging mas madaling kumpletuhin ang survey, gugustuhin mong tipunin ang iyong mga statement sa gastusin at/o badyet ng nakaraang taon upang makatulong sa pagsagot sa mga katanungan. Para sa mga provider ng pangangalaga ng mga bata sa pamilya, ang mga katanungan ay mayroong katulad na format sa [Schedule C](#) IRS tax form, kaya gugustuhin mong ihanda ang iyong pinakabagong Schedule C. Kapag nasa sa iyo na ang lahat ng iyong impormasyon sa gastos at badyet para gawing sanggunian, ang survey ay tatagal lamang ng 15 hanggang 20 minuto.

Ang mga focus group/panayam para sa mga provider ay magtatanong sa mungkahi ng mga provider sa pagpapaunlad ng modelo ng halaga, na tumutulong sa amin na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga totoong halaga ng pagbibigay ng kalidad na pag-aalaga sa buong estado. Kung ikaw ay interesado sa paglahok sa pag-aaral o makakatulong sa amin na maabot ang mas marami pang mga provider, iniimbitahan ka namin na makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng email sa california@prenatal5fiscal.org.

Sino ang dapat lumahok sa pag-aaral?

Kailangan namin ng mungkahi sa lahat ng mga uri ng mga sentro ng pangangalaga ng bata at mga tahanan ng pangangalaga ng bata sa pamilya, mga provider na hindi kailangan ng lisensya/pinagkakatiwalaang pamilya, kaibigan at kapitbahay (FFN) sa buong estado. Aming inirerekumenda na kumumpletuhin ang survey ng direktor

ng programa, may-ari/provider, o pampinansyal na tagapamahala, o kung sinuman na pinakanakakaalam sa mga paggastos ng iyong programa.

MGA KATANUNGAN SA SURVEY

Ako ay isang provider na nagpapatakbo ng maraming mga site, paano ko kukumpletuhin ang survey?

Hinihiling namin sa iyo na mangyaring kumpletuhin ang isang survey para sa bawat isa ng iyong mga site. Kung ang ilan sa iyong mga gastusin ay pinaghahatian sa mga site, tulad ng isang Ehekutibo na Direktor, may bahagi na pagtatalaan sa survey kung saan ang mga gastos ay pinaghahatian. Kung masyado itong mahirap, masaya kaming makipag-ugnayan sa isang panayam ng provider kung saan maaari naming kolektahin ang lahat ng katulad na impormasyon nang direkta sa isang harapang panayam. Magpadala lamang sa amin ng email sa california@prenatal5fiscal.org at mayroong miyembro ng aming pangkat ang makikipag-ugnayan upang magtakda ng isang panayam.

Maaari ko bang makita ang mga tanong ng survey bago ko ito sagutan?

Maaari mong ma-akses ang isang pdf na kopya ng survey dito. Mangyaring tandaan na kasama sa pdf na bersyon ang lahat ng mga tanong para sa lahat ng mga uri ng mga provider, habang ang online na bersyon ng survey ay gumagamit ng 'skip-logic' at binabago ang mga tanong na iyong makikita batay sa iyong mga sagot sa nakaraang mga tanong, kaya makikita mo lamang ang mga tanong na naaangkop para sa iyong mga serbisyo sa programa.

Anong mga pampinansyal na dokumento o iba pang mga materyal ang dapat kong ihanda bago magsimula sa survey?

Aming inirerekumenda na tipunin ang anumang skedyul ng sahod at/o mga ulat sa suweldo, mga ulat sa pagpapatala, at badyet/pampinansyal na mga statement mula sa pinakabagong piskal na taon. Ang ilang mga tanong ay magtatanong din tungkol sa impormasyon mula sa piskal na taon 2019 para sa 'bago ang COVID' na pagkukumpara. Para sa mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata sa pamilya, madalas na nakakatulong na kunin ang iyong pinakabagong [Schedule C](#) na tax form.

May pagpipilian ba na sisimulan ang survey at babalikan at tatapusin ito sa hinaharap?

Oo, kung iyong inakses ang survey mula sa parehong IP address, matatandaan ng sistema kung saan ka huling sumagot nang hanggang 7 araw. Nangangahulugan ito na kung iyong inakses ang link mula sa parehong kompyuter/browser sa loob ng 7 araw pagkatapos ng una mong sinimulan ang survey, ibabalik ka sa pahina na iyong sinagutan. Pagkatapos ng 7 araw, magre-reset ang sistema, at kailangan mo nang magsimula mula sa simula. Kung kailangan mong magsimulang muli sa survey sa loob ng 7 araw, kakailanganin mong i-akses ang link mula sa isang bagong lokasyon o gumamit ng isang Pribadong Browser/Incognito na window.

Nagkamali ako sa aking mga sagot ngunit naisumite ko na ang survey. Ano ang dapat kong gawin?

Mangyaring makipag-ugnayan sa pangkat ng survey sa california@prenatal5fiscal.org at aming babaguhin ang sagot para sa iyo.

Sa listahan ng mga uri ng programa, hindi ko nakita ang eksaktong uri ng aking programa. Ano ang dapat kong piliin?

Ang tanong na ito ay may dalawang layunin. Una, tinitiyak nito na ikaw ay pinapakitaan lamang ng mga tanong na naaangkop sa iyong setting, tulad ng isang tahanan ng pangangalaga ng bata sa pamilya, o isang sentro ng pangangalaga ng bata. Pangalawa, ang tanong na ito ay tumutulong sa pangkat ng pag-aaral na masuri ang mga

sagot batay sa uri ng provider, at ang mga pangangailangan na dapat matugunan ng iyong programa upang ligal na mapatakbo. Dapat mong piliin ang uri ng provider na pinakamalapit na tumutugma sa iyong programa.

Nagpapatakbo ako ng isang programa ng pangangalaga ng bata sa mga Tribal na lupain. Aling kategorya ng programa ang dapat kong piliin?

Dapat mong piliin ang "Sentro ng Tribal na pangangalaga ng bata" o "Tahanan ng Tribal na pangangalaga ng bata sa pamilya" kung ikaw ay isang Tribal na provider, hindi mahalaga kung ikaw man ay lisensyado ng estado, ng iyong tribo, o wala sa mga ito.

Dapat ko bang tantyahin ang mga gastos para sa mga bagay na sa kasalukuyan ay hindi ko binabayaran? Halimbawa, mga boluntaryo na naglalaan ng maraming oras sa programa na tumutulong sa amin na tumakbo ng nasa kapasidad?

Oo, nais naming makolekta ang oras na inilaan upang mapatakbo ang iyong programa, kahit na ito ay isang posisyon na hindi binabayaran. Ang (mga) boluntaryo ay maaaring ilista bilang mga aide, o bilang "iba pa" na posisyon sa seksyon ng mga gastusin sa tauhan, ang kaakibat na sahod ay dapat na zero. Sa paraang ito malalaman namin na ang programa ay nangangailangan ng posisyong ito upang ganap na tumakbo, at sa modelo, magtatalaga kami ng sahod sa posisyong ito, upang maipakita ang totoong halaga.

Ang mga provider ba ay dapat na sumagot sa kanilang aktwal na mga halaga, o dapat b silang sumagot ng kung ano ang kanilang iniisip na dapat na halaga kung maaari nilang maka-akses sa kita upang ganap na mabayaran ang kanilang mga gastos?

Ang survey ay pangunahing nagtatanong para sa iyong *aktwal* na mga gastos. Mayroong ilang mga katanungan sa survey na humihingi ng impormasyon sa kung ano ang suweldo at mga benepisyo na *nais* mong i-alok, na makakatulong sa amin na maunawaan ang totoong halaga ng pangangalaga. Ang iba pang mga katanungan ay nagtatanong sa oras na inilaan sa mga aktibidad, bayad man o hindi, na maaari naming lapatan ng sapat na kabayaran sa modelo. Ang mga focus group at mga panayam ay nagbibigay ng pagkakataon upang mangalap ng higit pa tungkol sa mga hinahangad na gastos bilang bahagi ng pagpapaunlad ng modelo ng halaga. Upang magtakda ng isang panayam kasama ng pangkat ng pag - aaral, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa california@prenatal5fiscal.org.

Mayroon bang mga partikular na gastos na hinahangad na maunawaan ng survey na ito?

Ang survey ay pangunahing nakatuon sa mga gastos sa tauhan – kung magkano ang binabayad sa kawani, kung ano ang dapat ibayad sa kanila, kung anong mga benepisyo ang inaalok/dapat i-alok, at ang mga pattern ng kawani. Alam namin mula sa pananaliksik at sa aming personal na karanasan sa pangangasiwa ng mga programa, na ang mga ito ay ang pangunahing mga dahilan ng pangkalahatang mga gastos sa programa. Ang survey ay nagtatanong din sa mga pangunahing gastos na hindi pangkawani tulad ng paninirahan, at kasama rin ang isang opsyonal na hanay ng mga katanungan na may kaugnayan sa lahat ng iba pang mga gastos na hindi pangkawani. Ang proseso ng panayam kasama ang iba pang mga mungkahi mula sa Rate at Quality Workgroup at CCPU Joint Labor Management Committee ay makakatulong din na matukoy ang iba pang mga gastos.

Maaari bang kumpletuhin ng ibang tao ang survey para sa akin, tulad ng isang coach?

Oo, maaaring kumpletuhin ng sinuman ang survey, ngunit kakailanganin nilang magkaroon ng access sa pampinansyal na impormasyon ng iyong programa upang masagot ang lahat ng mga katanungan.

Paano kung hindi ko masagot ang isa sa mga tanong? Dapat ba akong magbigay ng hula o pagtatantya?

Kung wala kang sagot, maaari mong laktawan ang tanong at iwanan itong blangko. Kung hindi ka sigurado sa isang eksaktong halaga para sa isang gastos ngunit magagawang matantya ang gastos, huwag mag-atubiling ilagay ito.

Nagkakaproblema ako sa pagkumpleto ng survey o paglipat sa susunod na pahina at nakakatanggap ako ng error na mensahe. Paano ako dapat makipag-ugnayan sa iyo para sa tulong?

Para sa mga teknikal na isyu sa pagkumpleto ng survey, mangyaring makipag - ugnayan sa aming mga miyembro ng pangkat sa UCLA sa pamamagitan ng email sa aval.ucla.p5@gmail.com

Saan ako pupunta kung mayroon akong mga katanungan?

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa survey na ito o kailangan ng teknikal na suporta, mangyaring makipag-ugnayan sa: california@prenatal5fiscal.org.